Benjo Gutierrez
University of Sto. Tomas

# +1

**Abstract**

The story follows Jaysee, a rider, who is rushing to pick up a *habal-habal* customer which he shares the same route home from Mandaluyong to Taguig. He needs to get home before 12AM to at least celebrate his birthday with his family and friends after being on the road the whole day.

Sinusundan ng kuwento si Jaysee, isang rider na nagmamadaling sunduin ang isang pasahero na kapareho niya ng ruta pauwi mula Mandaluyong patungong Taguig. Kailangan niyang makarating sa bahay bago mag-alas-dose ng hatinggabi para kahit papaano'y maipagdiwang ang kanyang kaarawan kasama ang Pamela at mga kaibigan matapos ang buong araw na trabaho sa kalsada.


**Keywords:** rider, motorcycle, crime

"???" ang ni-reply ni Jaysee sa bagong booking na pumasok sa pulang app, parang sanga ang isang braso para gawing sangkalan ng CS sa pagbaba ng motor. 113 pesos ang dapat ang pamasahe ayon sa app. "Kuya, wala na po akong barya." Hindi umimik si Jaysee. Nakausli pa rin ang braso na ngayo'y sinabitan ng helmet ng bumabang CS. Nakapako lang ang mamumula-mulang mga matang nilatayan ng puyat sa selpown. Hindi na nahintay ng CS ang isasagot ni Jaysee, inabot na lang ang isang daan, nagpasalamat, sabay sabing "Sayang kuya, may extra 1,500 ka na sana," bago lumakad papalayo, sinisipat ang malapad na mga balikat niya. Rekta sa dilaw na coin purse na nakakwintas sa selpown holder ang pera. Hindi man lang siya nilingon ni Jaysee. "Ano kunin mo ba" apurado ang bagong CS. Yamot na nag-type ng sagot si Jaysee, ramdan niyang nangti-trip ang kausap: Qpal kaba?? Baket laging dropoff mo??

Latang-lata na si Jaysee sa maghapong biyahe. Lumabas siya noong nagkukusot pa lang ng mata ang araw at kaka-drop off niya lang sa panlabintatlong CS ngayong alas nuwebe. Naghihilik na ang araw para bumuwelo sa panibagong pagsikat habang si Jaysee, hindi na maramdaman ang tumbong sa maghapong biyahe, nakapirmi sa tapat ng isang condo sa Mandaluyong. Isinuksok niya ang pulang helmet sa side mirror. Ikinalso ang side stand ng Honda Beat na may pasan-pasang orange na thermal bag at saka tumayo. Napasandal ang coin purse niyang may lanyard sa fairing ng motor. Nilaparan niya ang agwat ng dalawang paa at saka nag-unat ng braso pakaliwa at pakanan, sinuntok-suntok na rin ang nakatulog na tumbong.

“Whooo kiningina! Makakapag-hapibertdey na ren!” hiyaw niya na parang titong nagma-maoy sa inuman. Pinagtinginan siya ng mangilang-ngilang naglalakad sa paligid ng condo. Ang iba ay nagpakawala ng ngiti habang ang ilan, lalong binilisan ang paglalakad. May mirong humiyaw pabalik ng ‘Hapibertdey!’ na pinasalamatan niya kahit hindi kakilala. Kinalkula niya sa utak ang kinita: 1,435. Sapat na rin. Malapit-lapit na sa quotang 1,500 kada-araw. Puwede nang umuwi. Bakat sa suot niyang tube mask ang pagbilog ng butompisngi sa pagngiti.

Binalikan niya ang naka-side stand na motor. Sinakyan at saka kinalikot ang selpown. Palitaw-litaw ang notification ng Color Game sa bumbunan ng iskrin na sinabing i-download ng mga kapwa-rider pampalipas oras kapag walang booking. May number na tumatawag kay Jaysee na hindi naka-save. Binaba niya. Inilihis niya ang mata mula sa notification papunta sa pulang app. Tinatadtad na pala siya ng message ng bagong CS:




Hindi kahapon lang nagsimulang bumiyahe si Jaysee para hindi maging muwang sa inaalok ng CS. Extra service. Sumusubok mamingwit ang ilang customer ng mga rider sa pulang app. Nagbabaka-sakaling may kakagat. Madalas nire-report ‘to ng mga rider sa opisina nila at naba-ban ang account ng CS kapag may sapat na ebidensiya. Bina-block din ang number para hindi na makapag-book ulit sa app nila. Pero dahil wala namang bisa ang sim card registration law at napakadaling bumili at mag-register ulit ng bagong number, walang preno ang ganitong kalakaran. Ang ginagawa ng ibang may dangal na rider, pino-post sa Facebook page ng habal/CS/rider ang number at sinasabihan ang mga kasamang rider na tadtarin ng text na nagtatanong kung magkano ang kambing bilang pambawi man lang sa abala at pag-testing sa dangal nila.

Pero kung tinatabla ng iba ang paglunok sa dangal, tumatagos naman sa ilan ang tukso. Sa isang magandang araw na maraming booking, malinis na ang 1,300. Menos na rito ang komisyon ng app, pang-gas, pang-Pares, pambili ng tubig, at pang-load. Kaya ang ibang rider, dumidiskarte ng ES sa mga nag-aalok na CS. Babayaran ang pamasahe, check in sa motel, pati ang serbisyo na mahina ang 1,500. Sobra pa sa isang buong araw na biyahe ng marangal na rider.

Pailalim lang ang ganitong diskarte dati. Pero ngayon, bulgaran na. Malay ng riders kung sino ang walang-wala, kung sino ang rider na hayok lang sa laman, kung sino ang hindi pa quota, kung sino ang may babayaran sa ospital, at kung sino ang talo sa online sugal. Makikita na sa Facebook group ng habal/CS/rider ang anonymous post ng mga CS: "LF Rider na mabango quickie lang QC area 2k" na madalas maraming haha reactions dahil hindi sineseryoso, pero kung minsan, may 'pm' na comment galing mismo sa mga rider. Kalaunan, mga rider na mismo ang magpo-post sa group: "LF for CS, tara chill ride" na may kasamang selfie nila. Hindi na usapan kung anong motor gamit para komportable sa biyahe. Ang usapan kung sino ang magmamaneho at ano ang hitsura. Kapag ganito ang post, alam na ng mga kapwa-rider at CS ang drop off. Langit. Minsan pa nga, hindi na usapan ang hitsura ng rider sa mga CS basta makalingon lang sa tawag ng antimanong libog.

"Psst!" Tinawag si Jaysee ng guwardiyang nakahimpil sa podium ng condo, may hawak-hawak na 3-in-1 na kapeng nasa styro. Sumenyas siya kay Jaysee na lumapit.

Nagpadaplis lang ng tingin si Jaysee na binawi kaagad.

Sumitsit ulit ang guwardiya. Hindi na nakatiis, sinabi nang malakas ang dapat usapang malapitan lang dahil tinatamad umalis sa puwesto. "Paps," sabi nito, "pinagbigyan mo yon?"

"Anong pinagbigyan? Gusto mo ikaw bigyan ko?" kulob na sagot ni Jaysee, nahaharangan ng tube mask ang bibig.

"'Ano? Nasobrahan ka naman yata sa angas? Nakita mo ba sa balita yung guwardiyang namaril?" balik nito. "Ako, konsarn lang sayo, ha? May tulo yon. Bali-balita rito," sabay iling sa panghihinayang. "Dadalhin ka sa langit pero dadalhin ka rin sa langit."

"Pano mo alam? Nagkatulo ka ba?"
"Balagbag ka sumagot, e, no? Umalis ka na nga!"

Parang may itinutok na akrapovic pipe sa magkabilang tainga ni Jaysee ng limang oras—tablado ang minando ng guwardiya. Nakababad siya sa selpown. Nagtatampisaw ang mata sa app, abang na abang kung may booking na papasok pa-Taguig para maisabay sa pag-uwi. Ano ba naman ang isa pa? Halos tatlong oras na lang bago matapos ang bertdey niya. Pipilitin niyang pagsaluhan kasama ng mga mahal sa buhay ang mga huling oras ng araw na ninakaw ng trabaho.

Naghintay siya ng limang minuto. Nakapako ang tingin sa pulang app, nakababa ang visor ng half-face na berdeng helmet na may tatak na 'Get' sa likod na ngayo'y nagsisimula nang pamugaran ng ulop dahil sa tube mask.

Sampung minuto. Mayroong pa-Parañaque. May pa-Las Piñas. May pa-Alabang. Nagsasalitan na ang tingin niya sa pulang app at oras sa selpown. Nagtataka na kung bakit wala pa ring pa-Taguig. Nagsimula nang magparamdam ang init kay Jaysee. Maliban kasi sa itim na long sleeves na may nakasulat na 'Move Us', may nakapatong pang reflective vest sa katawan para kahit maliit ang dala-dala, makikita siya sa daan.

Kinse minutos. Wala nang humpay ang pagtapik ng kanang paa ni Jaysee na nakasuot ng Crocs sa maruming semento. Hinubad niya muna ang berdeng helmet. Mas mabilis nang pinagpapasahan ng oras sa selpown at pag-aabang sa app ang kaniyang mga mata. 9:30 na. Sinitsitan ulit siya ng guwardiya ng condo. Ubos na ang kape nito. Sumenyas na umalis na siya habang nakakapit sa shotgun.

Bumaba si Jaysee at nagkunwaring may titignan sa orange na thermal bag na may nakasulat na 'PadalaGo' para may dahilang hindi pansinin ang guwardiya. Pagkabukas, sinalubong siya ng amoy ng lechong manok na ipupulutan mamaya pagkauwi. Sumitsit ulit ang guwardiya. Mas malutong. "Booking lang, Chip," sagot ni Jaysee sabay sara sa thermal bag. "Hindi makapaghintay ampota, tatrabaho yung tao e."

Bente minutos. Bumaba na ang guwardiya mula sa kinapipirmihang platform tangan ang shotgun at mabagal na naglakad sa direksiyon ni Jaysee na para bang binibigyan siya ng pagkakataong umalis. Lalong bumilis ang pagtaktak ni Jaysee ng paa sa sahig. Tumawag ulit ang numerong 'di naka-save. Binaba niya ulit. "Naneto di rin makapaghintay," anas niya. Hindi na rin makapaghintay si Jaysee. Naglalawa na ang pawis sa patong-patong na suot. Binuksan niyang bahagya ang vest at ipinapagpag ang suot na long sleeves sa bandang dibdib para gumawa ng sariling presko na para bang tumatagos ang tibok ng puso. Nagbaka-sakali siya sa FB group. May na-ispot-an siyang post:




Ilang segundo pa lang pagkatapos ipaskil. Nag-comment agad si Jaysee, "pm mam manda lang." Biyernes kasi at araw ng sahod. Maraming uwing-uwi at

galang-gala. Kahit halos alas dyes na, balagbag pa rin ang pagkokomyut. Kulang-kulang dalawang daan lang ang pamasahe sa app. Panalong-panalo na siya sa 500. Sobra pa nga sa quota dahil walang komisyon ang app sa ganitong diskarte. “May pambanlaw pang red horse mamaya,” sabi sa sarili.

Lalong binagalan ng guwardiya ang paglalakad. Nakangiti pa ang loko. Hindi pa man sigurado kung sa kaniya na ang CS, itniklop agad ni Jaysee ang nakakalsong side stand, pinush start ang motor, at isinukbit sa kanang siko ang pulang helmet na nagpapahinga side mirror.

“O, ngayon aalis ka na? Kailangan sa inyo tatakutin pa talaga,” sabi ng guwardiya.

Tinitigan lang siya ni Jaysee ng limang segundo bago sumibat. Hindi siya papayag na pag-trip-an ng kausap. Kailangang may balik siya. “Chip, pareho lang tayong nagtatrabaho. Wag kang kupal.”

Nagsalubong ang kilay ng guwardiya. Nanigas ang nguso sa narinig at bago pa man magsalita, hinarurot na ni Jaysee ang motor. Sumigaw siya habang pinipiga ang throtle, “Tanginamo, Chip! Wag ako!” Kahit malakas ang tunog ng pag-arangkada, sinigurado niyang rinig ng walang bawing sasalo ng mura ang sinabi. Bumitaw si Jaysee sa throttle at ngumarat ng tayong-tayong pakyu sa likod habang nagmamaneho.

Isang daang metro mula sa condo, pumarada si Jaysee sa bike lane na katapat ng Venus Drug Store kung saan naabutan ang mga rider na may kani-kaniyang tambay. May nakasuot ng orange, asul, pula, berde, at itim na long sleeves. Binuksan niya ang message request, naroon ang pabatid ng CS na nag-reply. Binuksan ang FB profile. Nagtatrabaho raw bilang kahera sa bangko. Sa kaniya na ang booking. Nakabuwenas pa ng isa pauwi. Panalong panuldok sa araw.

Sinabi ni Jaysee ang lokasiyon niya. Nasa may McJolly lang daw ang CS, ilang kilometro mula sa hinintuang Venus. Nagbilin si Jaysee na pakihintay siya at magwe-Waze na.

Tumawag ulit ang ‘di naka-save na number. Binaba niya ulit. Mula kaninang umaga, naka-dalawampung missed call na pala ito. Sa ilang segundong pagitan ng pagtawag at pagbaba, nag-text ang numerong pilit tinatabla.

*HOY PUTANGINAMO (ilagay ang pangalan) UUTANG UTANG KA DIMO PLA KAYANG BAYARAN! TANGINAMO IPAGKAKALAT KO SA PAMILYA MONG UMUTANG KA ITETEXT KO NANAY MO TATAY MO PINSAN MO! SISIRAIN KITANG HINDOT KA PAG DI KAPA NAKAPAGBAYAD! MAGINGAT INGAT KA GAGO ALAM KO BAHAY MO!*

Hindi napigilang humagikgik ni Jaysee. “Kulet ng mga to naka-template manakot.” Sumundot ng isa pang text ang number.

*HOY PUTANGINAMO JUAN CARLITO PEREZ UUTANG UTANG KA DMO PLA KAYANG BAYARAN! TANGINAMO IPAGKAKALAT KO SA PAMILYA MONG UMUTANG KA ITETEXT KO NANAY MO TATAY MO PINSAN MO! SISIRAIN KITANG HINDOT KA PAG DI KAPA NAKAPAGBAYAD! MAGINGAT INGAT KA GAGO ALAM KO BAHAY MO!*

“Samahan pa kita ulul!” text back ni Jaysee sabay block sa number.

Isang linggo nang binubugbog pagbabanta ang selpown ni Jaysee galing sa mga ahente ng Online Lending Application na JuanHelp. Noong una, mga paalala lang ang tinetext, malambing pa sa Ilonggo kung makipag-usap. Dalawang linggo na mula nang hindi niya sagutin ang mga tawag. Mula noon, nagsimula na ang pananakot: ipapaalam sa pamilya at mga kaibigan ang utang, tatadtarin ng text na puro mura at itatratong parang ang misyon lang niya sa buhay ay magbayad-utang, at ipo-post sa social media. Tatlong linggo na ang nakalipas mula noong umutang si Jaysee sa JuanHelp. Simple lang kasi ang kailangan sa pag-utang, hindi tulad ng bangko na mahaba ang pila at proseso. Pangalan, tirahan, tatlong contact, at isang valid ID lang, puwede nang mangutang.

Pero kung gaano kadali ang proseso ng pangungutang, ganoon naman kalagim ang paniningil.

Umutang si Jaysee ng 1,500 na babayaran sa loob ng dalawang buwan. Tumawag ang ahente, inalok siyang bayaran ang hiniram sa apat na buwan. Umoo si Jaysee. Pero ang hindi nasabi sa usapan, itataas ang interes ng inutang kada-

araw. Sa compute ni Jaysee, lolobo sa halos walong libo kasama ang interes. Sa isip-isip niya, tarantado lang ang kakagat sa alok ng ahente. Pero gago lang ang hindi. Lalo na sa sitwasiyon niya ngayon—nakalbo na parang gulong ang kinitang 1,350 noong araw na iyon sa Online Color Game na kailangang mabawi. Nasilaw siya sa suwerte ng isang nanalo ng mahigit 300 milyong piso. Noong una, pasikwe-sikwenta lang ang taya na naging 150. Sunod-sunod ang panalo. Hanggang naging 500. Hanggang tumodo. Hanggang baliktarin siya ng sugal.

“Kakalabas lang, Paps?” bati ng isang rider na nakasuot ng asul na long sleeves at helmet na tumigil sa likod niya, nakasubsob ang mukha sa selpown.

“Pauwi na rin,” maikling sagot niya. Nilingon ni Jaysee ang kausap. Kita ang repleksiyon ng color game sa visor nito.

“Ingat-ingat dito Paps, uso holdap dito. Buti sana kung pera lang, kaso agaw-motor din,” pailing-iling na sabi ng ka-gulong na tutok pa rin sa selpown.

“Kung ako nandon papalag ako, kupal talaga yang mga hindi pumapatas,” sagot ni Jaysee, maaaninag pa rin sa iskrin ng selpown ang text ng ahenteng galing JuanHelp.

“Pag ganon Paps, bigay na lang. Nakita ko sa Tiktok puro Mandaluyong, Pasay, saka Maynila tirada ng mga tarantado. Kanina lang may isang rider sa may Dangkin na may saksak, nagpapatulong sa mga guwardiya. Pumalag daw nung ninakaw motor niya tapos maholdap. Patay. Kaya RS lang.”

“Paldo, Paps?” hirit ni Jaysee habang pilit sinisipat ang repleksiyon ng sugal sa visor.

Biglang hinampas ng kausap na rider ang speedometer NMAX niya. Bara-bara ang paghampas na parang pulis na nanampal ng kriminal na hindi-pa-alam ang sala. Sa lakas, nahagip ang selpown holder at kakandong na selpown. “Putangina lusaw!”

Nabasag ang umpukan ng mga rider sa tapat ng Venus. Tumayo ang ilan para mas makita ang nangyayari. Noong natukoy kung saan tumalsik ang selpown, naglakad ang rider na naka-asul para damputin. Nadatnan niyang basag ang iskrin at inihagis ulit sa galit ang selpown sa gitna ng hi-way habang nagsisigaw. Sunod nitong tinadyakan ang sariling motor na kapwa niya tumumba sa lakas ng puwersa. Tumayo siya para makipagpatintero sa mga humahagibis na sasakyan sa hi-way. Walang lingunang tumakbo papunta selpown. Metro na lang ang pagitan niya at ng Fortuner na kumabig para umiwas. Nabigla siya't napaupo sa muntik nang kamalasan.

"Paps, wag ganiyan! Kabuhayan natin yan!" sigaw ng rider na naka-orange bago puntahan at akayin ang nawawala na sa hulog na rider. Sumama ang iba para tulungang itayo ang nabuwal na kasamahan. Tinayo ni Jaysee ang nabangasang NMAX at sinayd stand.

Nakatingin ang mga miron sa komosyon. May ilang de-kosteng nag-menor para maki-usyoso pero lumarga rin. Pinalibutan ng mga rider ang wala sa sariling ka-gulong. May kumuha ng selpowng hinagis sa hi-way, may nagpainom ng tubig, may nakaakay sa braso kung sakaling lumundo ulit, may nagtatanong kung anong nangyari.

"Lusaw, putangina, lusaw ang sampung libo," sagot nito. "Putangina ng color game! Iintrohan ka lang ng buwenas! Kung alam ko lang, kung alam ko lang," sambit nito habang umiiyak at dahang-dahang gumuho ulit sa lapag.

"Paps, mababawi pa yan," sabi ng naka-orange. "Pag namatay ka, talo ka na talaga."


"Gusto mo Paps, ikain na lang natin yan. May malapit na Paresan dito. Pag-usapan natin. Tayo-tayo lang ding mga rider ang magtutulungan sa daan. Di tayo kargo ng mga employer natin kung anoman mangyari saten. Kung mamatay man tayo bigla, walana. Kawawa pamilya natin, Paps," payo ng rider na naka-berde.

"Pumatas lang tayo ng diskarte, Paps. Papanig din satin ang mundo," sabi ni Jaysee na parang walang kinikimkim na kargada't tinatakbuhang ahente ng JuanHelp.


10:45 na.

"Ay putangina!" sigaw ni Jaysee. Nakahanda nang umawat ang mga kapwa-rider kung sakaling bara-bara siyang tumawid. May tumingin na kung may paparating na sasakyan. "Dre, may booking lang pa-Taguig mga Paps. Kanina pa naghihintay."

Habang naglalakad pabalik sa motor, pinaalalahanan siyang mag-ingat sa daan—sa mga nambubulagang lubak at sa mga 'di pumapatas—at baka suma-langit. Nagpasalamat si Jaysee.




Palinga-linga si Jaysee bago pa man makarating sa resto. Sumisipat kung may babaeng naka-itim sa labas. Handa na ang pulang helmet na ipapasuot para puwede na agad isalpak.




Habang hinihintay ang sagot ng CS, napatitig si Jaysee sa isang aspin na nakaupo sa tabi ng estatwa ni McJolly. Puti ang aso na makikita sa ilang natirang balahibo, pero may batik-batik ng pula at itim—ginagalis ang likod habang pahilom na ang nasa mga binti—at nagmumuta ang mga matang parang kinakaawan ang buto't balat na sarili. May lumabas na babaeng naka-itim na t-shirt, may hawak na bucket, nakabusangot, naka-krus ang mga braso. Ilang sandali pa, humahangos na lumabas ang isang lalaki. Hinahanda nang iabot ni Jaysee ang helmet.

"Mam tara na p—"

"Ano, putangina mo inutang mo na naman tong pambili nito?!" sabi ng babae.

"E, ano naman kung inutang? Wala namang nakukulong sa OLA! Buti nga naalala ka pa, e! Bakit? Mas mahal ba binibigay sayo ng lalaki mo?!"

"Baliw! Anong lalaki?! Di na kami nag-uusap! Saka alam na nila Mama na malaki utang mo! Hindi ka man lang nahiya sa kanila? Sa'kin?" humagulgol ang babae. "Sakit na yan, babe! Di ka ba mapakaling di ka nakakautang?"

Nakatingin lang ang lalaki. Lumatay sa mata't mukha ang sinabi ng kausap. Nakatingin lang din si Jaysee. Nagkatinginan sila ng lalaki.

"Babe, wag kang mag-iskandalo rito. Di lang tayo tao," sabi ng lalaki, bumwelo ng yakap sa babae.

Pumiglas ang kausap. "Iwanan mo na ko. Gusto kong mapag-isa," utos nito.

"Hindi. Hindi na ulit kita papakawalan. Dito lang ako. Wag ka na ulit mawawala, ha? Wag mo nang ulitin yung hindi ka magpaparamdam." Sabay niyakap ng lalaki ang babaeng ngayo'y humihikbi na parang paulit-ulit na sinisinok sa pagpitik ng balikat. Walang nagsasalita sa kanila. Nakatingin lang din ang aso na kapwa-miron ni Jaysee.

Sa gitna ng katahimikang pinunan ng hikbi, nagsalita si Jaysee, "Mam? Tara na po, mag-a-alas dose na."

Parang mababali ang leeg ng lalaki sa bilis ng lingon. Kumalag siya sa pagkakayakap. "Bro, kilala mo ba to?" turo sa kausap.

"Hindi, boss. Pero bibiyahe kaming Taguig. Uuwi na kami," sagot ni Jaysee.

"Uuwi? Tangina?! Kaya ba hindi nagparamadam to? Inuwi mo? BF niya ko Bro, alam mo bang nakakasira ka ng relasyon?"

Sinilip ni Jaysee ang chat ng CS. Naka-black na t-shirt daw siya. Tumingala si Jaysee. Naka-black na t-shirt ang babae. Sinipat ni Jaysee ang oras, 11:05 na. "Boss, ako nagtatrabaho lang. Pipick-up lang ako rito. Kung anong sa inyo, labas ako jan."

"Nagtatrabaho? Bro GF ko ata tinatrabaho mo, e!" umamba ng lapit ang lalaki na pinigilan naman ng kasama. "Tangina ka rin e, no?" sabay duro kay Jaysee.

"Tangina mo rin! Wag mo kong mumurahin, di mo ko pinapalamon. Pass ako sa langit boss, marangal akong rider, tanga!"

Pilit nagpupumiglas ang kakiskisan ni Jaysee. Umaawat pa rin ang babae. Sa pagpipilit na kumawala, natabig nito ang plastic ng bucket ng chicken McJolly. Gumulong sa lapag ang mga manok. Nagmadaling sumunggab ng isang binti ang aspin at nanakbo sa gilid ng resto kung saan may iba pang mga aspin. "Magsama

kayo tangina niyo!" sabi ng lalaki sabay lakad papalayo. Nakangiti lang ang estatwa ni McJolly.

Nag-ring ang telepono ni Jaysee. Madaling pinindot ang berdeng icon at nag-loud speaker. "Putangina, wag ngayon! Di talaga kayo titigil?"

Sumagot ang 'di  pamilyar na boses. "Kuya? Darating pa po ba kayo?"

"Sino 'to?!"

"Ako po yung CS pa-Taguig. Kanina pa po ako sa McJolly. Saan na po kayo?"

"Ha? Anong nasaan? Putangina andito nga! Diba sa McJolly _____?! Mam magbebertdey pa ko sa 'min, wag naman pong scam walanjong yan."

"Kuya, sa susunod na McJolly pa po. May kalapit pa po yang McJolly."

"Putangina bakit kasi ginawang magkalapit yung McJolly! Sige papunta na ko jan Mam!"

Binaba ni Jaysee ang tawag. Pumapala-palatak siya habang wine-Waze ang ang tinuro ng CS. Napalingon siya bigla sa isang matinis na tunog: pinagkakakakakagat ng mga ibang aspin ang galising dumakma ng manok. May nakakagat sa leeg at binti. Matutuklap ulit ang mga naghilom nang sugat ng aso. Bumaba si Jaysee sa motor at dumampot ng isang manok sabay bato sa komosyon ng mga asong gutom. "Pshht! Pshht! Pst-oy!" Sigaw niya. Noong nagpulasan ang mga aso, nakita niya ang asping napuruhan, naghihingalong nakahiga, bumabakat sa balat ang buto sa kada-hinga. Walang nagawa si Jaysee kung hindi tumitig at saka magmadaling puntahan ang inuugat nang CS.

Salitan ang tingin ni Jaysee sa Waze at daan habang ini-i-stroll ang kalsada. Pumipitik-pitik din siya ng silip sa oras. 11:13 na. Mas piniga niya ang throttle at umasang sana maabutan pa ang mga kamag-anak at tropa sa bahay. Pinagtataka

niya, hindi man lang siya hinahanap. Wala bang nakakaalala sa kaniya? Inisip niya na lang na baka abala sila sa paghahanda.

Hindi niya namalayang halos katapat niya na ang resto sa pagmumuni-muni. Medyo malamlam ang ilaw. Malakas niyang kinalso ang mga daliri sa break lever na gumawa ng matinis na tunog. Sa ikalawang pagkakataon, luminga-linga siya sa labas ng McJolly _____. Wala masyadong tao maliban sa dalawang tambay na may hawak na selpown. May estatwa rin ni McJolly ang branch pero imbis na nakangiti, pinasimangot ng mga guhit at binungi.

Nang 'di makita ang hinahanap, tinawagan ni Jaysee ang CS. Hindi sumasagot. Nag-iwan siya ng text na nasa tamang McJolly na siya at lumabas na. Sinagot agad ng CS ang text, "Kua w8 lng po, may binibili lng sa loob. Bday mo pla, mali pa nbigay kong loc. Chicken o chekin kuya? hehe." Napangiti si Jaysee dahil may nakaalalang bertdey niya pa. "Chicken nlang mam. Salamat mam nag-abala ka pa," reply niya. Habang naghihintay, nag-post si Jaysee sa FB: +1🙏.

Napansin niyang nakatingin sa kaniya ang dalawang lalaking nakatambay sa labas ng resto. Nagkatitigan sila. Tatlong segundo rin, tapos umalis na ang dalawang lalaki.

Nag-ring ang Messenger ni Jaysee. Nakikipag-video call ang pinsan niya. Hinuha niya, nasa bahay at naghihintay sa kaniya kasama ng iba pang mga bisita. Binaba niya. Tumawag ulit. Binaba niya ulit. "Byahe pa 'ko baket," chat niya. Noong pumangatlong beses, sinagot na niya.

"Makulit amputa sabing nasa biyahe pa nga ak—"

"Ya, wag kang uuwi. Yari ka kila Tito." Maingay sa kinalalagiyan ng pinsan, kita ang pamilyar na bahay sa likod. Kita sa video ang isang lalaki, tinataob ang mga lamesa habang pasigaw na pinapauwi ang mga tao.

"Bakit nagwawala jan si Papa? Anyare?"

“Yon na nga Ya, kanina pa nag-aamok dito si Tito. Pumunta dito mga tropa mo Ya, sabi may tumatawag sa kanila may utang ka raw. Tas nung nag-uusap sila may tumawag kay Tito, yon din sabe. May utang ka raw na dose,” kita sa likod ng pinsan na may umaawat sa erpat niya.

“Wag niyong panisnin yan! Dose? Otso lang yon!” mabilis pero madiin na sagot ni Jaysee. “Awatin mo na nga si Papa, nagwawala pa jan parang tanga.”

Tumingin ang nagwawalang lalaki sa pinsan niya at naglakad papalapit. “Si Jaysee yan?! Si Jaysee?! Tanginamoka wag kang uuwi dito pinapahiya mo kami!” sabi nito.

“Sige na Ya baba ko na basta wag ka munang uuwi palamigin muna namin si Tito.”

End video call. Naiwang nakakatitig si Jaysee sa iskrin. Kung ano-ano ang sumiksik sa ulo ni Jaysee para kitain ang walong libo. Kagatin niya na kaya ang alok ng CS? Isagad na niya kaya ang biyahe hanggang bukas? Isugal niya kaya ulit ang kinita ngayong araw? Walang nakukulong sa OLA pero maraming napapahiya.

“Kua palabas na. Ikaw po nkahelmet na green na may bag?” pangungumpirma ng CS.

“Opo mam,” maikling sagot ni Jaysee. Gusto pa niya sanang sabihing ayos lang, hindi na sila nagmamadali, pero hindi na para.

Bago pa man maisip ni Jaysee kung paano paplantsahin ang problema, may tumabing itim na Mio Soul, walang plaka, sakay ang dalawang lalaking kapwa naka-full face helmet at tinted ang visor kahit madilim na. “Holdap to, wag ka nang pumalag. Akin na rin yang nasa susi ng motor mo,” bulong ng lalaking nagmamaneho ng motor. Pinasilip naman ng angkas ang nakaipit na lanseta sa brip. “Wag ka nang pumalag, baka huling bertdey mo na ‘to,” sabi ng angkas.

“Set up amputangina,” sa isip-isip ni Jaysee. Naisip niyang iharurot ang motor pero ikinalso ng nagmamanehong holdaper ang side stand, alam na hindi magi-i-start ang Honda Beat na naka-side stand. Hindi niya inaasahang sa ganitong langit ang hahantungan niya.

“Wag ka nang tumesting. Baka magaya ka don sa rider sa Dangkin. Wag ka nang dumagdag,” sabi ng angkas. “Dalawa lang ang gagawin mo, makinig kang mabuti. Una, ibibigay mo yang coin purse mo. Pangalawa, ibibigay mo saken yung susi ng motor.”

Sa ganitong senaryo, palaging sinasabi ng mga kapwa-rider na ‘ibigay na lang kaysa mapahamak. Mapapalitan pa motor, pero ang buhay hindi’. Kung tatanungin si Jaysee kung anong gagawin niya kaninang umaga sa ganitong siwtasyon, ibibigay niya ang hinihingi ng mga holdaper. Kaninang umaga ‘yon. Iba na ngayon. Iba ang lagay kapag ikaw na mismo ang nakakaranas. Hindi lang ang motor at perang kinita ang mananakaw sa kaniya ngayon, pati ang pagkakataong kumita ng pera, magbayad ng utang sa JuanHelp, at higit sa lahat ibaon ang kahihiyang dinala sa mga magulang.

“Ayaw niyong pumatas e no? Magtrabaho din kayo nang maayos!” maangas na sagot ni Jaysee habang naninimbang ng desisyon, sinusubukang ipreno ang oras kahit papaano.

“Wag ka nang puro dakdak. Nag-aangas ka pa, e. Gusto mo tarakan din kita?” sabi ng naka-angkas na ngayo’y bumaba sa motor, lumapit kay Jaysee at saka akmang hahablutin ang susi.

Tinapik ni Jaysee ang kamay ng holdaper. “Ako magbibigay! Wag kang paladesisyon!”

At nakapag-desisyon na rin si Jaysee. Kung makukuha man ang motor at kinita niya, hindi sa gano’n-gano’n lang. Mabagal niyang hinawakan ang susi at hinugot sa motor. Tinatantiya ang balakid na nasa harapan. Kung gaano kabagal ang paghugot, ganoon naman ang bilis ng pagbato niya ng susi sa madilim na

hi-way. Habang nakasubaybay ang dalawang holdaper sa pagbato, lumundag si Jaysee  palayo sa Honda Beat na parag pusang binanlian ng mainit na tubig.

“Tanginaka!” sabi ng holdaper na may lanseta sa brip. Sumulyap-sulyap muna sa mga dumadaang sasakyan sabay takbo sa gitna ng hi-way nang makatiyempo para hanapin at kunin ang susi.

Tinaas ni Jaysee ang dalawang kamao, pinaikot-ikot sa maliliit na bilog habang tumatalon-talon. Naghahanda siya sa posibleng mangyayari sa kanila ng naiwang holdaper.

“Pare ano, tuloy pa ba?” tanong ng naiwang holdaper sa kasamang nasa gitna ng hi-way. “Oo andito na e!” sigaw ng kasama, sumasapaw ang busina ng mga dumadaang sasakyan.

Tumayo ang naiwang holdaper at hinigit pataas ang suot na pantalon. Dinuduro-duro si Jaysee at pinagmumumura. Itinaas din ang dalawang kamao. “Ano? Ano? Tangina ka tara! Suntukan tayo! ‘namo! Walang saksakan!” Nagbabato si Jaysee ng mga suntok sa hangin, maingat na lumalapit na parang tinatantiya ang makakasuntukan.

“Pare ano nakita mo na? Matagal pa ba yan? Tara na!”

“Sandali na lang to! Yang hayop na yan ang atupagin mo!”

Nang mabubura na ang distansiya sa pagitan ng dalawa, may gigil na busina silang narinig. Napatigil sila sa muntik-nang-suntukan at sumubaybay sa pinaggalingan ng tunog. May rumaragasang L300 na pinapakurap ang headlight: sensyas na tumabi ang nasa harap dahil wala itong planong tumigil. Habang papalapit nang papalapit ang sasakyan, unti-unting nadadapuan ng liwanag ang kalsada. Napipintahan ang holdaper na nakatungo’t kumakapa-kapa ng susi.

Blag! Sinundan ito ng malakas na pagkiskis ng nakaprenong gulong sa semento. Sapul ang holdaper. Natulala si Jaysee. Stop ball sa ere ang mga kamaong kanina'y maligalig.

"Tangina mo pre sabi sayo tara na e!" sabi ng kasuntukan sana ni Jaysee na dali-daling sumakay sa Mio Soul para iwan ang kasama. Bumaba ang drayber ng L300. Kumakamot-kamot sa ulo. May biglang sumulpot na mga tambay para tignan ang nangyari. Agos ang dugo mula sa helmet ng naaksidenteng holdaper. Nailawan ang susing binato kanina ni Jaysee. Marahan niyang nilapitan at dinampot.

Walang-imik na bumalik si Jaysee sa motor. Sinilip ang oras sa selpown, 12:03 na. Nakatiwangwang pa rin ang pulang app sa iskrin ng selpown. Napaupo siya sa bangketa, ipinatong ang dalawang siko sa tuhod, nanginginig sa nasaksihang trahedya at sinusubukang iproseso ang nangyari. Tumingin siya sa nakahandusay na holdaper. Kung minalas-malas, baka siya ngayon ang nakabulagta.

Natauhan siya sa pagtunog ng selpown niya. Nanlalambot siyang tumayo para silipin. May pumasok na booking pa-Taguig at pa-Maynila. Nagpapapansin ang notification ng Color Game. Bomba ang chat galing sa erpat at pinsan niya. May bagong post sa habal/CS/rider group na naghahanap ng langit sa Mandaluyong.

Binuksan niya ang makina ng motor, pumindot-pindot sa selpown, at walang-lingunang humarurot papalayo.